

**Batas ng Kalusugang Pangkaisipan 2007 (Mental Health Act 2007)**

Seksyon 74 (3) at Talaan 3 [Section 74 (3) and Schedule 3]

## **Pahayag ng mga Karapatan**

### **Statement of rights**

#### **Ang inyong mga karapatan**

Dapat ninyong basahin ang mga katanungan at kasagutan sa ibaba para malaman ninyo ang inyong mga karapatan at kung ano ang maaaring mangyari sa inyo matapos dalhin sa isang pasilidad ng kalusugang pangkaisipan.

#### **Anong mangyayari pagdating ko sa isang pasilidad ng kalusugang pangkaisipan?**

Dapat kang matingnan ng isang doktor ng pasilidad nang hindi lalampas ang 12 oras pagdating ninyo sa pasilidad ng kalusugang pangkaisipan.

Kung ikaw ay nasa loob na ng pasilidad ng kalusugang pangkaisipan bilang isang boluntaryong pasyente, at sinabi na ikaw ngayon ay pananatiliin sa pasilidad kahit labag sa inyong kalooban, dapat kang matingnan ng isang doktor ng pasilidad nang hindi lalampas ang 12 oras matapos mapagpasiyahang pananatiliin ka sa pasilidad.

#### **Kailan ako maaaring panatiliin ng labag sa aking kalooban sa isang pasilidad ng kalusugang pangkaisipan ?**

Maaari kang panatiliin kahit labag sa iyong kalooban sa isang pasilidad ng kalusugang pangkaisipan kung ikaw ay pinatunayan ng doktor sa pasilidad bilang isang taong may-sakit sa kaisipan (mentally ill person) o isang taong may-senyales ng sakit sa kaisipan(mentally disordered person). Ang doktor ang magpapasiya kung ikaw ay alinman sa isang taong may-sakit sa kaisipan o isang taong may-senyales ng sakit sa kaisipan.

Ang isang taong may-sakit sa kaisipan ay yaong may karamdaman sa kaisipan at kailangang panatiliin sa pasilidad ng kalusugang pangkaisipan para sa kanyang sariling proteksyon o pangalagaan ang ibang tao. Ang isang taong may-senyales ng sakit sa kaisipan ay yaong nagpapakita ng mga pag-aasal na kailangang panatiliin siya sa pasilidad ng kalusugang pangkaisipan para sa kanyang sariling proteksyon o pangalagaan ang ibang tao.

Hindi maaaring ipagpatuloy ng pasilidad na pananatiliin ka ng labag sa iyong kalooban maliban kung may iba pang doktor na nagpapatunay na isa kang taong may-sakit sa kaisipan o isang taong may-senyales ng sakit sa kaisipan. Dapat na ang isa sa mga doktor na tumitingin sa iyo ay isang psychiatrist (sikayatrasta).

#### **Gaano katagal akong maaaring panatiliin sa isang pasilidad ng kalusugang pangkaisipan kahit labag sa aking kalooban?**

Kung ikaw ay nalamang isang taong may-senyales ng sakit sa kaisipan, maaari ka lang panatiliin ng hanggang 3 ARAW sa isang pasilidad (hindi kabilang dito ang mga araw ng sabado't linggo at pista opisyal ). Sa loob ng panahong ito, dapat kang natitingnan ng isang doktor nang hindi bababa sa isang beses bawat 24 oras. Hindi ka maaaring pigilin bilang isang taong may-senyales ng sakit sa kaisipan nang hihigit pa sa 3 beses sa loob ng anumang buwan.

Kung ikaw ay nalamang isang taong may-sakit sa kaisipan, pananatiliin ka sa isang pasilidad ng kalusugang pangkaisipan hanggang sa maiharap ka sa isang Tribuna na Nagrerepaso sa Kalusugang Pangkaisipan (Mental Health Review Tribunal) na siyang magsasagawa ng pag-uusisa sa kalusugan ng kaisipan upang magpasiya kung ano ang mangyayari sa inyo.

## **Paano ako makakalabas sa pasilidad ng kalusugang pangkaisipan?**

Ikaw, o isang kaibigan o kamag-anak, anumang oras ay maaaring magsabi sa Tagapamahala sa Paggagamot (medical superintendent) o isa pang awtorisadong opisyal na manggagamot na palabasin kayo. Dapat kang palabasin kung hindi ka isang taong may-sakit sa kaisipan o isang taong may-senyales ng sakit sa kaisipan o kung sa isip ng Tagapamahala sa Paggagamot o isa pang awtorisadong opisyal na manggagamot na may ibang nababagay na pag-aalaga na makatwirang maipapagamit para sa inyo.

## **Maaari ba akong gamutin ng labag sa aking kalooban?**

Ang mga kawani sa pasilidad ay makapagbibigay sa inyo ng nararapat na paggagamot, kahit na ayaw ninyo ito, para sa inyong karamdaman sa isipan o sa isang pangmadaliang pangangailangan upang iligtas ang inyong buhay o mahadlangan ang malubhang pagkapinsala sa inyong kalusugan. Ang mga kawani sa pasilidad ay makapagsasabi kung anong paggagamot ang ibinibigay sa inyo kung magtatanong ka. Hindi ka dapat bigyan ng labis-labis o hindi nararapat na gamot.

## **Maaari ba akong bigyan ng (terapiyang kino-kuryenteng pangkombulsyon) electro convulsive therapy (ECT) ng labag sa aking kalooban?**

Oo, magbibigay lamang kung napagpasiyahan ng Tribuna sa Pagrerepaso ng Kalusugang Pangkaisipan sa isang pagdinig na kakailanganin ito o nababagay para sa inyong kaligtasan at kapakanan. May karapatan kang dumalo sa pagdinig na ito.

## **Kailan ginaganap ang pag-uusisa sa kalusugang pangkaisipan?**

Ang pag-uusisa sa kalusugang pangkaisipan ay dapat gawin sa lalong madaling panahon kung maaari, matapos na ipinasyang pananatiliin ka ng labag sa iyong kalooban sa pasilidad dahil ikaw ay isang taong may-sakit sa kaisipan.

## **Ano ang nangyayari sa isang pag-uusisa sa kalusugang pangkaisipan?**

Magpapasiya ang Tribuna na Nagrerepaso sa Kalusugang Pangkaisipan kung tunay ba o hindi na isa kang taong may-sakit sa kaisipan.

Kung ang Tribuna na Nagrerepaso sa Kalusugang Pangkaisipan ay nagpasiyang hindi ka taong may-sakit sa kaisipan, dapat kang palabasin sa pasilidad.

Kung nagpasiya ang Tribuna na isa kang taong may-sakit sa kaisipan, ang Tribuna ngayon ang siyang magpapasiya kung ano ang mangyayari sa iyo. Isasaalang-alang nila sa pagpili ng hindi gaanong mahigpit na kapaligiran kung saan ang pag-aalaga at paggagamot ay mahusay na maibibigay. Ang Tribuna ay maaaring mag-utos na panatiliin ka sa pasilidad bilang isang SAPILITANG PASYENTE INVOLUNTARY PATIENT sa loob ng naitakdang panahon (hindi hihigit sa 3 buwan) o kaya ang Tribuna ay mag-uutos na palabasin ka sa pasilidad. Kung ikaw ay pinalabas, ang Tribuna ay maaaring magpa-utos ng paggagamot sa komunidad kung saan kakailanganin kang nagpapagamot matapos palabasin.

Maaaring antalahin ng Tribuna na Nagrerepaso sa Kalusugang Pangkaisipan ang pag-uusisa nang hanggang sa 14 na araw kung isinaalang-alang nilang makabubuti ito para sa iyong sariling kapakanan.

Kung ang Tribuna na Nagrerepaso sa Kalusugang Pangkaisipan ay nag-utos na ikaw ay mananatili sa pasilidad ng kalusugang pangkaisipan bilang isang sapilitang pasyente, dapat din na isaalang-alang ng Tribuna kung may kakayahan ka o wala sa pamamalakad ng inyong mga gawain sa pananalapi. Kung hindi nasisiyahan ang Tribuna na may kakayahan ka, ang pag-uutos sa pag-aasikaso ng inyong pananalapi ay kailangang gawin ayon sa *Batas sa Pagkakatiwala at Tagapag-alaga ng 2009* *NSW Trustee and Guardian Act 2009*.

### **Anong ang aking mga karapatan sa harap ng isang pag-uusisa sa kalusugang pangkaisipan?**

Maaari ninyong sabihin sa Tribuna kung ano ang gusto ninyo o kaya ipasabi ito sa iyong abogado. Maaaring magsuot ka ng pangkaraniwang damit, matulungan ng isang interpreter at mapasabihan ang inyong pangunahing tagapag-alaga, mga kamag-anak at kaibigan tungkol sa pag-uusisa. Makapag-aaplay kang makita ang inyong mga pangmedikal na ulat.

### **Ano ang aking mga karapatan sa pag-apela kung ako ay ginawang isang sapilitang pasyente?**

Ikaw (o ang tagapag-alaga o kaibigan o kamag-anak ) anumang oras ay maaaring magsabi sa Tagapamahala sa Paggagamot o sa awtorisadong opisyal na manggagamot na palabasin ka. Kung hindi pumayag ang Tagapamahala sa Paggagamot o awtorisadong opisyal na manggagamot na palabasin ka o hindi sumagot sa inyong kahilingan sa loob ng tatlong may-trabahong araw , ikaw (o ang tagapag-alaga o kaibigan o kamag-anak ) ay makapaglalagak ng pag-aapela sa Tribuna.

Bibigyan ka ng isang pabatid na nakadetalye ang iyong mga karapatan sa pag-aapela.

### **Ano ang mangyayari kung malapit nang magtapos ang takdang panahong ini-utos na ginawa akong isang sapilitang pasyente?**

Magrerepaso sa iyong kalagayan ang mga kawaning nanggagamot sa pasilidad bago pa magtapos ang panahon ng kautusan at maaaring palabasin ka ng pasilidad o mag-aaplay sila sa Tribuna na Nagrerepaso sa Kalusugang Pangkaisipan para sa karagdagang pag-uutos

Dapat kang palabasin ng Tribuna sa pasilidad kung nagpasiya itong hindi ka na isang taong may-sakit sa kaisipan o sa pakiramdam nila na may ibang pag-aalaga na siyang nababagay at makatwirang maibibigay.

### **Sino ang mahihingan ko ng tulong?**

Makakahingi ka ng tulong sa sinumang kawani ng pasilidad, panlipunang tagatulong(social worker), doktor, tagabisitang opisyal (official visitor), pare (chaplain), sariling abogado o sa Serbisyong Tagataguyod sa Kalusugang Pangkaisipan (Mental Health Advocacy Service). Ang telepono ng Serbisyong Tagataguyod sa Kalusugang Pangkaisipan ay : 9745 4277

### **Maaari ko bang hilingin na isang kaibigan o kamag-anak ang kumatawan sa akin?**

Maaari mong itala ang pangalan ng isang tao bilang inyong pangunahing taga-alaga habang nasa loob ka ng pasilidad. Ang inyong pangunahing taga-alaga ay makakahingi ng impormasyon para sa inyo at aabisuhan kung ikaw ay pananatiliin sa isang pasilidad, sasailalim sa pag-uusisa ng kalusugang pangkaisipan, ililipat o ilalabas at tungkol sa nakamungkahing mga natatanging kalusugang pangkaisipan na paggagamot o mga operasyon. Ikaw at ang inyong pangunahing taga-alaga ay mayroon ding karapatan na mabigyan ng impormasyon tungkol sa kasunod na pangangalaga kung ikaw ay palalabasin.